Book Review

Isang bagong aklat 'Kulturang Pilipino' makukuha na ngayon

Ang *Kulturang Pilipino*, 240 pahina, inilathala ng Manila Prints, Australya at Minor Prints, Manila, na tumatalakay sa pinagmulan ng kulturang Pilipino, sadyang sinaliksik, pinag-aralan at isinulat sa pambansang wika ng Pilipinas, ay makukuha na ngayon sa Maynila at Australya.

Ang aklat ay magsisilbing angkop na ala-ala sa lahat ng tahanan ng mga Pilipino, may lahing Pilipino, o dating Pilipino. Madali at magaling din na babasahin ito para sa mga nag-aaral ng wikang Filipino, kultura at kasaysayan, lalo na sa mga anak ng mga migranteng Pilipino at sa mga may interes sa kulturang Pilipino.

Ang aklat ay naisulat sa wikang Filipino at sinulat ng isang mananalaysay na Pilipino na naninirahan sa Sydney, Australya, G. Renato Perdon na naglingkod bilang arkibero hanggang sa siya ay magretiro sa Sydney City Archives. Siya rin ang editor ng Filipino seksyon at sumusulat ng isang kolum sa *Bayanihan News* tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas at ang buhay multikultural sa Australya.

Nagbigyan ng natatanging pansin ng may-akda sa pagsulat ng aklat sa wikang Filipino. Ang aklat ay maaari ding gamitin ng mga magulang upang ibahagi sa kanilang mga anak kung ano ang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagtuturo sa kailang tahanan.

Ang aklat ay nahahati sa apat na bahagi: Lumang Panahon; Paniniwala at Kaugalian; Kasaysayan; at mga talambuhay ng mga piling-piling mga Pilipino na tumulong upang payabungin at panatilihin ang kasaysayan at kultura ng Pilipinas.

Ang sinasabi nila tungkol sa aklat:

'Ang kulturang Pilipino ng mga magulang ng mga batang isinilang sa ibang bansa ay isang mahalagang pamana sa mga bagong salin ng kasalukuyang henerasyon. Marami sa kanila ang may hangaring na malaman ang kultura ng bansang kanilang pinagmulan.

'Hindi sapat ang mga aklat o babasahin sa ibang bansa ukol sa kulturang Pilipino, na magagamit ng mga magulang upang ipamulat sa kanilang mga anak ang mayamang kalinangan ng ating bansa. Hangad nating lahat na ikintal sa bawat Pilipino, saan mang dako ng mundo, ang pagmamahal sa ating lahi at ang maipagmalaki ito ng buong puso. Pag-alabin nating muli ang damdaming makabayan sa kabila ng milyang layo sa pinakamamahal nating Pilipinas, ang perlas ng silanganan. Ito ang pangunahing dahilan ni Renato Perdon na magsaliksik, pag-aralan at bumuo ng isang sangguniang aklat para sa kaalaman tungkol sa kulturang Pilipino. Ang bagong aklat na ito ay makakatulong sa pagpapanatili at pagpapalanagap ng kultura at mga sining ng Pilipinas sa ibang bansa. Binabati natin ang may-akda.' – Emelita V. Almosara, CESO IV, Pambansang Komisyon sa Kultura at mga Sining, Pilipinas.

'Nang mabasa ko ang pruweba ng libro ni Renato Perdon, kumintal sa akin ang dunong niya sa kasaysayan. Tinipon ng istoryador ang mga halimbawa ng mga gawi at tradisyon ng kaniyang mga kababayan. Isinilarawan niya ang mga pakiwari sa kulturang Pilipino.

'Layunin niyang patingkarin ang pagkabukod-tangi ng bansa at patatagin pa ang rangya ng pamanang pangkultura. Mula sa pampamayanang pagbabahagihan at sa mga pista hanggang

sa pragmatikong hirayang umakay sa mga aswang at manananggal sa kaisipang Pilipino, tagumpay ang awtor sa pagpinta ng nasyong namumutiktik sa mga interesanteng kulay. Nagbabago ang kulay mula sa tingkad ng isang dulo pagkabila, gaya ng pagkarelihiyoso ng isang panig, at ang paniniwla sa mga tiyanak, ponso at anting-anting sa kabila. Pero sambagay ang tiyak, ang timplada ng Pilipinong kulay ay malayo sa kawalan ng latoy. Ang paglakip ng awtor ng mga talambuhay ng mga alagad ng sining na nakatala sa panahon ng kupong-kopong hanggang sa kasalukuyan ay nakapagpatingkad lalo sa kalugud-lugod basahing kalipunang ito.' – Roberto O. Umil, Palanca, Amado V. Hernandez at Salvador P. Lopez Literary Awardee.

'Hindi mabibilang ang mga kababayang naninirahan sa labas ng bansa na may sama ng loob o hinanakit sa kanilang mga anak o apo dahil hindi sila maintindhan lalo na ng kanilang mga kamag-anak sa Pilipinas. Marami ring kababayan ang pumupula sa nakababatang henerasyon, dahil walang alam sa kulturang Pilipino at mukhang ikinahihiya pa na sila ay may dugong Pilipino.

'Itong aklat ni Renato Perdon, *Kulturang Pilipino*, ay magbabalik sa mga Pilipinong tumatanda na sa lahas ng bansa ang mga alaala ng iniwang bayan at mahahalagang tulong sa mga magulang sa pagbabahagi at pagpapaunawa sa kanilang supling ang tungkol sa kultura ng Pilipinas, ang kasaysayan, kaugalian, kasabihan at pamahiin, mga alamat at katutubong kanta at sayaw, tula at iba pa. ' – Eddie Flores, Editor, *Munting Nayon News Magazine,* The Netherlands.